Public Health
Seattle & King County

# ANG BAKUNANG PANTRANGKASO (FLU VACCINE) PARA SA MGA MATATANDA AY MAS MAHALAGA SA TAONG ITO

## Bakit mahalaga ang magpabakuna para sa trangkaso sa taong ito?

**Ang trangkaso ay lubhang mapanganib para sa kalusugan ng mga matatanda.**

- Ayon sa CDC, tinatayang nasa 70 hanggang 85 porsiyento ng mga taong namatay na may edad na 65 pataaas ay may kaugnayan sa trangkaso. Karamihan din sa mga taong naoospital ay kabilang sa mga edad na ito.
- Ang diyabetes, sakit sa puso, hika at iba pang medikal na kundisyon ay maari ring magdulot ng karagdagang panganib sa trangkaso.

**Ang pagpapabakuna para sa trangkaso ay magbibigay proteksyon laban sa malubhang sakit at mga kumplikasyon.**

- Kung ang isang tao na may bakuna ay magkaroon ng trangkaso, ayon sa pananaliksik siya ay maaring magkaroon ng banayad na sintomas at maaring hindi na dalhin sa ospital.

**Ang pagpapabakuna para sa trangkaso ay magpapadali para sa iyo at sa iyong doktor na tukuyin kung paano gamutin ang anumang viral na impeksyon sa taglamig.**

- Maraming magkakaparehong sintomas ang trangkaso at ang maagang sintomas ng COVID-19. Kung ikaw ay may sintomas at ikaw ay nabakunahan na ng pantrangkaso (flu vaccine), malaki ang maitutulong ng impormasyong ito para sa mapadali ang pagsusuri at paggamot sa iyo.

**Sa taong ito, may espesyal na bersyon na mas mataas na dosis para sa flu shot (pagpapabakuna) na magbibigay ng higit na proteksyon sa mga taong edad 65 at pataas.**

- Ang mga taong nasa ganitong edad ay nangangailangan na mas mataas na dosis sapagkat ang kanilang mga resistensya ay hindi na kayang tumugon pagkatapos nilang makakuha ng regular na dosis sa bakuna.

## Saan ako dapat magpabakuna para sa trangkaso?

- Maari kang magpabakuna sa mga parmasya, klinika, o isa sa mga drive-through o sa mga klinikang mobile vaccination na isponsor ng kagawaran ng pangkalusugan. Iklik ito upang magpunta sa Public Health's (Pampublikong Pangkalusugan) webpage upang tingnan ang mga magagamit na pagpipilian: https://kingcounty.gov/depts/health/communicable-diseases/immunization/clinics.aspx (Sa Ingles lang)

- Salop ng Medicare at Medicaid ang 100 porsiyento ng halaga ng flu shot. Kung ikaw ay walang health insurance, maaring hanapin ang mga mapapagpipiliang libre sa webpage.

## Kailangang mo ba ng tulong sa telepono sa paghanap ng flu shot?

- Tumawag sa Community Living Connections (https://www.communitylivingconnections.org/) (Sa Ingles lang) libreng tawag sa 1-844-348-5464 para sa tulong sa paghanap ng parmasya or klinika sa pagpapabakuna na pinakamalapit sa iyo. Ang mga tatawag ay makakarinig ng salitang Ingles o Español. Ang mga tatawag ay maaring pindutin ang numero 6 para sa tulong sa Español o manatili sa linya upang makahingi ng tagapagsalin sa mga ibang wika. Ang lahat ng mga tawag ay libre at kumpidensyal.

## Kailangan mo ba ng transportasyon para magpabakuna sa klinika o parmasya?

- Ang Hyde Shuttle ay nagbibigay ng serbisyong door-to-door sa maraming pamayanan ng King County para sa mga matatandang edad 55 at pataas, at sa mga taong may mga kapansanan.
    - Para sa kahilingang upang ikaw ay masundo, tumawag sa telepono sa 206.727.6262, pindutin ang 1 at manatili sa linya para hilingin ang tagapagsalin sa ibang mga wika.
    - O magpa-rehistro on-line sa pag-klik dito: https://hydeshuttle.org at iklik ang Request a Ride (Hilinging ang Pagpapasundo) (ang online ay sa Ingles lang).

- Kung ikaw ay may kapansanan at hindi ka maaring makasakay ng bus o light rail, maari kang mag-sign up para sa Access Metro Transportation.Iklik ang link na ito upang mapuntahan ang kanilang website: https://bit.ly/2GRuwLK (Sa Ingles lang). Tumawag sa Access Metro Transportation Call Center sa 206-205-5000 para sa tulong. Para sa Español pindutin ang 2, at para sa mga iba't ibang mga wika pindutin ang 1 at sa Ingles pindutin ang 2 para sa tatanggap ng tawag. Sa ngayon, ang mga taong may kapansanan na may agarang pangangailangan sa transportasyon ay hindi na kailangang masertipikahan para sa serbisyo ng Access.